

# ***Limang Salin Mula Kay Shakespeare***

Gelacio Guillermo

## ***Mula sa HAMLET***

---

Hamlet:

Kumilos, o manahimik, ‘yan ang

tanong:

Ano’ng mas marangal, tiisin

Ang mga tudla ng karumal-dumal na kapalaran,

O lusungin ang dagat ng mga gulo,

At sa pagbaka’y sugpuin sila? Mamatay,

matulog,

Gano’n: at sa pagtulog ay masabing ating tinatapos

Ang sakit-ng-loob at ang libong likas na

dagok

Na minana ng katawan—ito ang katuparang

pinakahahangad. Mamatay, matulog;

Matulog! Kung sakali’y managinip: ay, nar’yan ang problema;

‘Pagkat sa iyang tulog ng patay may kung anong panaginip

na dumating,

Sa oras na ang pulupot ng buhay ay ating kalagin,

Na sa ati’y nakapagpapatda: nand’yan ang pagtinging

Matinding tiisin ang napakahabang buhay;

‘Pagkat sino ang makatatagal sa latigo’t pagkutya ng panahon,  
Sa in hustisya ng maykapangyarihan, sa pang-iinsulto  
    ng mga matapobre,  
Sa kirot ng siniphayong pag-ibig, sa pagkakupad ng batas,  
Sa pagmamataas ng nakaupo sa poder, sa mga kabiguang  
Isinusukli sa matiyagang pagpapagal ng maliliit,  
Samantalang kaya niyang kitlin ang sariling hininga  
Sa kampit sa kusina? Sino ang makatitiis ng mga pasanin,  
Umatungal at magpawis sa nakakapagod na buhay,  
Kundi dahil sa pagkatakot sa kung ano mayro’n pagkamatay,  
Ang di-natututong bayan, mula roo’y  
Walang nakakauwing manlalakbay—nakakalito sa isip,  
At napipilitang tiisin ang ating mga sakit  
Kaysa lumipad sa ibang hindi natin alam?  
Sa ganyan lahat tayo’y ginagawang duwag ng konsiyensiya;  
At sa ganyan ang angking tingkad ng pagpapasya’y  
Pinakukupas ng maputlang hagod ng kaisipan  
At ang mga gawaing may bigat at halaga  
Ay nagkakandabuhol-buhol ang layon, dahil sa ganyan,  
At nasasayang ang kaangkinan ng pagkilos.

—

( *Hamlet*, Act III, Scene i)

Hamlet:

Bigkasin ang bibigkasin, pakiusap ko, tulad ng pagbigkas ko sa iyo, magaan sa dila: pero pag ibinunganga mo, tulad ng ginagawa ng marami mong aktor, mabuti pang bungangero ang bumigkas ng aking mga taludtod. Iwasan ding sobrang iwasiwas ang iyong kamay, tulad nito; pero mahinahong gamitin: dahil sa mismong bugso, silakbo at, tulad ng maaari kong sabihin, sa ipuipo ng damdamin, kailangang angkin mo at magbunga ng hinahong nagdudulot dito ng dulas. Ay, nakapagpapagalit sa akin na marinig ang isang madakdak na mamang nakapeluka na luray-lurayin ang isang damdamin hanggang maging basahan, na bingihin ang mga tunganga na kadalasa'y pinagtitiisan ang hindi maipaliwanag na pantomina at ingay: puwedeng ipalatigo ko ang ganyang mama, aba'y mas masahol pa sa basagulero; mas Herodes kaysa Herodes: pakiusap ko, iwasan iyan.

---

Gayunma'y huwag namang masyadong maamo, pero hayaang ang sariling pagpapasya ang iyong guro: itugma ang kilos sa salita, ang salita sa kilos; na may ganitong pagmamatyag, na huwag lumampas sa kahinahunan ng kalikasan: pagkat ang anumang pagmamalabis ay lisyang sa layunin ng pag-arte, na sa simula at hanggang ngayon, ay salaminin ang kalikasan; ipakita sa kagitingan ang sarili niyang katangian, sa pag-aglahi ang kanyang imahen, sa yugto ng panahon ang kanyang antas ng pag-unlad at

paghihirap. Ngayon, kung sumobra o lumabnaw, kahit mapatawa ang walang alam, ito nama'y nakalulungkot para sa mga sanay mangilatis; na ang kanilang pagpapasya, na iginagalang mo, ay lubos na makapagpapalamang sa buong teatro ng iba. Ay, may napanood na akong mga aktor—at narinig ang mga papuri, na may kataasan din naman—na kay yayabang umasta't umatungal gayong, at ito'y pagsasabing walang bahid ng paglapastangan, hindi naman nila gamay ang pagsasalita ng mga Kristiyano, o ang pinag-aralang paglalakad ng mga Kristiyano, manggagantso o karaniwang tao, tuloy inisip kong may ilang pintor-kulapol ng kalikasan na nagpinta ng tao at hindi mahusay ang pagkakapinta, kasuklam-suklam na kinopya ang sangkatauhan.

---

Ay! Baguhin ang lahat-lahat. At huwag hayaan ang mga aktor na gumagampang komikero na magsalita nang labis sa itinakda para sa kanila: may ilan sa kanila na mismong magtatawa, para magtawa rin ang ilang bilang ng mga tangang miron: samantalang may mahahalagang usapin sa dulang dapat atupagin: iyo'y kabuhungan, at ipinakikita ang kahabag-habag na ambisyon ng lukong gumagamit niyaon. Sige, maghanda.  
(*Hamlet*, Act III, Scene ii)

## ***Mula sa KING LEAR***

---

Lear:

Buga, hangin, sumabog man ang inyong pantog!

Magngalit! Buga!

Kayong dilubyo't bagyo, bumulwak

Hanggang matigmak ang aming mga tore, lumubog  
ang tuktok!

Kayong nakasusulasok at nakapanlulumong apoy,

Tagabando ng kay talim na kulog-kidlat,

Silaban ang aking puting buhok! At ikaw, nangyayanig  
na kulog,

Patagin ang pintog na kabilugan ng mundo!

Basagin ang hulma ng kalikasan, iligwak ngayon din ang lahat ng  
binhing

Humuhubog sa walang utang na loob!

---

Dumagundong sa abot-kaya! Apoy, buga!

Ulan, pulandit!

Hindi ko mga anak ang ulan, ang hangin, ang kulog, ang apoy:

Kayong mga elemento, hindi ko sinisisi sa kawalang-awa;

Hindi ko kayo binigyan ng kaharian o tinawag na mga anak;

Wala kayong utang sa akin: kaya't lubusin

Ang inyong kahindik-hindik na katuwaan; narito akong nakatindig,  
ang inyong alipin,

Isang matanda, dukha, masasakitin, mahina't hinahamak:

Kayunma'y tinatawag ko kayong tiklop-tuhod na mga sugo,

Isinasabay sa dal'wang ulupong kong mga anak  
Ang inyong todo-pwersang paglusob laban sa ulong  
Kaytanda na't patay tulad nito. Ay, nakasusuklam!  
(*King Lear*, Act III, Scene ii)

---

Ang mga dakilang diyos

Na nagpapanatili nitong kasindak-sindak na ligalig sa kaitaasan,  
Hayaang makita ngayon ang kanilang kaaway. Matakot, kayong  
mga impakto,  
Nasa loob ninyo ang hindi nabubunyang mga krimeng  
Hindi naparurusahan ng hustisya: magtago, ikaw na duguang  
kamay;  
Ikaw na ang patotoo'y kasinungalingan, at ikaw na nagpupusturang banal,  
Nagsusupsupan: napakaimbi, madurog kayo,  
Kayong sa patago't magaling na pagkukunwari'y  
Nagsabwatan laban sa buhay ng tao: lingid  
na pagkakasala,  
Biyakin ang iyong taguan, at ituring  
Na kagandahang-loob ang nakapanghihilakbot na mga  
mungkahing ito. Ako'y taong  
Higit na pinagkasalahan kaysa nagkasala.

---

Pumupurol na ang aking pag-iisip.

Halika, aking bata: kumusta, bata ko? Nagiginaw?

Mismong ako'y nagiginaw.—Nasaan ang dayaming ito, aking bata?

Nakapagtataka ang sining ng ating pangangailangan,

Ginagawang mahal ang nanggigitatang mga bagay. Pasok na,  
sa iyong kubol.

Kawawang payaso't alila, may bahagi sa puso kong

Nagdaramdam para sa iyo.

---

Iniisip mong lubhang nanunuot sa katawan

Itong mapanggulong bagyo: gayon nga sa iyo

Pero kung saan naroon ang mas malubhang sakit,

Ang kaunting kaligkig ay halos hindi dama. Iwasan ang oso;

Pero kung ang iyong pag-atras ay patungo sa maalong dagat,

Harapin ang oso sa bunganga. 'Pag

malaya ang isip

Ang katawa'y marupok. Tinangay ng bagyo mula sa aking isip

Ang lahat ng aking damdamin

Liban sa doo'y tumitibok. Kawalan-ng-utang-na-loob!

Itong bunganga, hindi ba para niyang sasagpangin itong kamay

Dahil susubuan ng pagkain? Magpaparusa ako nang matindi:

Hindi, hindi na ako luluha. Sa ganitong gabi'y

Sukat ipagtabuyan ako! Sige, bumagyo pa: tatagal ako.

Sa ganitong gabi!

Ang inyong matandang amang mabait, ibinigay ng tapat niyang puso  
ang lahat—

Ay, iyan ay kabaliwan; kailangan kong iwasan 'yan;

Lubayan na 'yan.

---

Hindi ako pinatitigil nitong bagyo na pag-isip-isipan  
Ang mga bagay na lalong nagpapasakit sa akin.—Pero  
papasok na ako.—

Pasok, bata; mauna ka.—Ikaw, karukhaang walang tirahan,  
Sige, pasok. Magdarasal ako, matutulog  
pagkatapos.—

Kawawang hubad na sawimpalad, saanman kayo naroroon,  
Tinitiiis ang bigwas ng walang-habag na bagyong ito,  
Paano kayo ipagsasanggalang ng inyong ulong nakalantad at yayat  
na katawan,

Ng inyong basahang butas-butis at punit-punit  
Sa ganitong mga panahon? Ay, hindi ko gaanong  
Napagtuunan ng pansin ito! Kastiguhin ang panggagamot, ang rangya;  
Danasin ninyo ang dinaramdam ng mga sawimpalad,  
Nang mabahaginan sila ng umaapaw na kasaganaan  
At ipakitang ang langit ay mas makatarungan.

---

... Ganito lang ba ang tao? Tingnan siyang mabuti. Walang  
utang na seda sa uod, katad sa hayop, lana sa tupa,  
pabango sa musang ... Ikaw nga mismo iyon: ang  
taong wala ni anuman ay ano pa kundi isang dukha, hubad  
at maruming hayop, tulad mo.

Hubaran, hubaran ako!—Dito, tanggalin ang butones dito.  
(*King Lear*, Act III, Scene iv)



## ***Mula sa MACBETH***

---

Lady Macbeth:

Ikaw si Glamis at Cawdor, at uupong hari  
Tulad nang sa iyo'y ipinangako: ngunit nababagabag ako sa iyong ugali;  
Umaapaw sa gatas ng makataong kabaitang  
Pumipigil sunggaban ang pinakamadaling paraan: ikaw ay magiging  
dakila,  
May ambisyon; kung ano ang pinahahalagahan  
Iyong tutupdin nang buong taimtim, hindi  
mandadaya,  
Gayunma'y mananalò kahit lisa; sa kalooban mo,  
dakilang Glamis,  
Ay may umaatungal, *kailangan ngang  
tupdin mo, kung kalooban mo:*  
*At iya'y itong higit mong kinatatakutang gawin*  
*Kaysa hangaring biguin.* Magmadali't  
Ititili ko sa iyong tainga ang aking damdamin;  
Sa bagsik ng aking dila'y kakastiguhin  
Ang lahat ng humahadlang na sumaiyo  
ang gintong koronang  
Sa wari'y ipinuputong sa iyo  
Ng tadhana't pangitain.

---

Halikayo, mga espiritung  
Umaatupag sa mga pag-iisip ng nilalang, dito ako hubdan ng kasarian,  
At lipusin ako, mula anit hanggang hinlalaki,  
Ng sukdulang kalupitan! Palaputin ang aking dugo,  
Busalan ang bungad at lagusan patungong pagsisisi  
Nang sa gayo'y walang naninising hataw ng konsiyensiyang  
Titinag sa aking malupit na layon, ni makipagtawaran  
Sa layunin at ibubunga nito! Heto ang aking mga suso  
At ituring na apdo ang gatas ko, kayong pumapatay na mga sugo  
Saanman, kayong hindi nakikita'y naglilingkod  
Sa tudyong ng kalikasan! Halika, gabing pusikit,  
At magpakasasa sa pinakamaitim na usok ng impiyerno  
Nang hindi mamalas ng aking patalim ang tarak nitong sugat  
Ni makasilip ang langit para maghumiyaw, *Tigil, tigil!*  
( *Macbeth*, Act I, Scene v)

---

Nalasing ba ang pag-asa  
Sa iyo mismong inihanda? Naidlip siya mula  
noon?  
At ngayong magising, itsurang nagmamaang-maangan  
Sa kanyang pagkukusang-loob? Mula ngayon  
Ganyan ko tinutuos ang iyong pag-ibig. Takot ka bang  
Nasa pagkatao mo kapwa ang kagitingan  
At pagnanasa? Pasasaiyo ba  
Yaong iyong pinahahalagahang palamuti ng buhay  
At mamuhay na isang duwag sa sarili mong pagtingin,  
Pinagsisilbi sa *Baka sakali* ang *Hindi ko pangangahasan*,  
Tulad ng pusang duwag sa kasabihan?

---



Maglaho ka, mantsang kasuklam-suklam! Maglaho, sundin ang utos ko!

Isa, dalawa: ano pa'ng hinihintay, oras nang gawin mo 'yon—  
Napakadilim sa impiyerno!

Naku naman,  
aking panginoon, hay naku! Isang sundalo,  
at takot? Ano ang ikakatakot natin kung may makabatid man,  
walang sinumang lilitis sa ating kapangyarihan?  
Pero sino'ng mag-aakalang  
sagana sa dugo ang matanda?

—  
Ano, hindi na ba kailanman  
magiging malinis ang mga kamay na ito?

—  
Naaamoy ko pa ang dugo: walang pabango  
ng Arabia  
ang makapagpapabango pa nitong munting kamay.

Ay, ay, ay!  
(*Macbeth*, Act V, Scene i)

Ang tinutukoy na kasabihan: “Kumakain ng isda ang pusa, pero ayaw namang mga paa’y mabasa.” (*Heywood’s Proverbs*)

## ***Mula sa OTHELLO***

---

Iago:

Ay, walang remedyo; ito ang

sumpa ng serbisyo,

Ang pag-asenso ay batay sa rekomendasyon at pagtatangi,

Hindi sa kung sino'ng nasa ikalawa

Ay siyang hahalili sa nasa una. Ngayon, ginoo, husgahan

mo mismo

Kung ako sa anumang makatarungang pagpapalagayan ay may malapit na ugnay

Para mahalín ang Muslim.

—

O, ginoo, sumasang-ayon ka:

Sinusunod ko siya para pagsilbihan ang aking oportunidad sa kanya:

Hindi puwedeng tayong lahat ay panginoon, o kaya'y hindi lahat ng panginoon

Ay pinaglilingkuran nang tapat. Mapapansin mong

Maraming alilang mapagsilbi at naninikluhod,

Haling na haling sa sariling mapanuyong pagkaalipin,

Pinalilipas ang panahon, tulad ng hangal na panginoon,

Para sa wala kundi sa pagkain; at pagtanda'y

ibinabasura:

Latiguhin para sa akin ang ganyang tapat na mga alipin. May iba,

Bihis sa porma at itsura ng tungkulin

Ay determinado namang asikasuhin ang sariling interes

At, sa pakitang-taong serbisyo sa kanilang

panginoon

Ay tumitiba sa ganitong paraan at ‘pag nakapagkamal na  
ng limpak-limpak na salapi,  
Tunay namang maipagpaparangal nila ang sarili. Ito ang mga taong  
may kalul’wa,  
At ipinahahayag kong ako’y tulad nila.  
Dahil, ginoo,  
Kasing-siguradong ikaw si Roderigo,  
Kung ako ang Muslim, hindi ako magiging Iago:  
Sa pagsunod sa kanya, sinusunod ko ang aking sarili;  
Ang langit ang aking hukom, ako’y hindi para sa pagmamahal at tungkulin,  
Kundi nagkukunwari lang para sa sariling layon:  
Dahil kung ang aking panlabas na kilos ay nagpapakita  
Ng likas na gawi at halagahan ng aking puso  
Sa hayag, hindi maglalao’t  
Maibubulalas ko ang pinakapersonal na damdamin o kapakanan  
Para pagpulutan ng luko-luko: Hindi ako ang kung ano ako.  
(*Othello*, Act I, Scene i)

---

...Dalawampu’t walong taon na ako sa mundo,  
at sapagkat napag-iiba ko ang pakinabang sa kapahamakan,  
wala pa akong nakitang tao na alam mahal in ang sarili.  
Sa halip na magpalunod ako para sa pag-ibig ng isang puta,  
babaguhin ko ang aking pagkatao para maging bakulaw.

---

Tapang! Insulto ‘yan! Nasa ating sariling kalooban kung bakit tayo’y ganito o ganoon. Hardin ang ating katawan, hardinero ang ating kagustuhan, kaya’t kung itanim nati’y matinik na halaman, o letsugas, o itanim ang halamang may asul na bulaklak at bunutin ang halamang pangrekado, o ilatag ang damong may iisang kasarian o iba-iba, na nakalilito, at baugin ang anumang itanim dahil sa katamaran o payabungin sa kasipagan; aba, ang kapangyarihan at mapagwastong autoridad nito ay ang ating kagustuhan. Kung ang timbangan ng ating buhay ay walang panig ng matwid bilang katapat ng panig ng kalibugan, dadalhin tayo ng dugo at kasamaan ng ating kalikasan sa napakahibang na eksperimento: pero meron tayong matwid para palamigin ang ating nagbabagang nasa, ang kati ng kahalayan, ang nagtutumigas na kalibugan; mula riya’y itinuturing kong isang sangang itinanim itong tinatawag mong pag-ibig.

---

Ito’y isa lamang libog ng dugo at pahintulot ng kagustuhan. Halika, magpakalalaki ka: lulunurin ang sarili! Mga pusa’t bulag na tuta ang lunurin mo. Ipinahayag kong ako’y kaibigan mo, at tinapat kitang pinagdugtong tayo ng isang napakatibay na kable; ngayon ang pinakakailangang panahon para mapatatag kita. Lagyan ng salapi ang iyong pitaka; nakatatanda ang pagsubaybay sa mga gera; nasisira ang pagkaguwapo sa pagpapahaba ng balbas; sabi ko, lagyan ng salapi ang iyong pitaka. Hindi puwedeng tumagal pa ang pag-ibig ni Desdemona sa Muslim—lagyan ng salapi ang iyong pitaka—o ng pag-ibig ng

Muslim sa kanya: magulo ang simula nito, at makikita mo ang katapat na paghihiwalay; lagyan lamang ng salapi ang iyong pitaka. Itong mga Muslim ay pabago-bago ng kanilang kagustuhan; punuin ang iyong pitaka ng salapi: ang pagkain niya na ngayo'y kasingsarap ng balang ay malapit nang maging kasimpait ng *coloquintida*. Kailangang sa kabataan siya bumaling: 'pag nagsawa siya sa katawan ng Muslim makikita niya ang kamalian ng kanyang pagpili: kailangan niya ng pagbabago, kailangan: samakatwid, lagyan ng salapi ang iyong pitaka. Kung kailangang sumpain mo ang sarili, gawin sa paraang mas pino kaysa sa pagpapalunod: likuming lahat ng salaping kaya mo: kung ang kabanalan at ang marupok na sumpaan sa pagitan ng nagkamaling barbaro at ng pinong-pinong taga-Venice ay hindi gaanong magiging mahirap para sa aking dunong at sa lahat ng tribu ng impyerno, siya'y mapapasaiyo; kaya't mangalap ka ng salapi; kagaguhang pagpapalunod sa sarili! Wala na 'yan: mainam pang mabitay na nagpapakana ng iyong ligaya kaysa magpalunod na wala siya.

---

Nakasisiguro ka sa akin: sige, mangalap ka ng salapi: madalas kong sabihin sa iyo, at paulit-ulit kong sinasabi sa iyo, kinamumuhian ko ang Muslim: ang layon ko ay puno ng tapang: gayon din kalakas ang iyong matwid. Magsama tayo sa paghihiganti: kung mapipindeho mo siya, kaligayahan



iyang sa iyo, laro naman para sa akin. Maraming pangyayari sa sinapupunan ng panahon ang iluluwal. Lakad na, sige; ihanda ang iyong salapi.

---

Sa ganyan nagagawa kong pitaka ang aking hangal;  
Dahil lalapastanganin ko ang natipon kong kaalaman  
Kung gugugol ako ng panahon para sa ganyang tanga  
Na hindi para sa aking laro at pakinabang. Kinamumuhian ko ang Muslim;  
At nababalita na habang ako'y nahihimbing  
Ginagawa niya ang trabaho ko: hindi ko alam kung totoo;  
Pwede na bilang paniniguro. Mainam ang pagtingin niya sa akin;  
Mas mabisa ang talab ng layon ko sa kanya.  
Karapat-dapat na tao si Cassio: makikita ko ngayon;  
Mapasaakin ang kanyang katungkulan, at papagtiwalain ang aking kagustuhan

Sa dobleng pagpapaalila. Paano, paano? Tingnan natin:  
Maghintay ng tiyempo para kuliliin ang tainga ni Othello  
Na si Cassio'y masyadong malapit sa kanyang asawa:  
May personalidad siya, at kalugod-lugod na disposisyon,  
Na mapagsususpetsahan: ipakana para mapasama ang babae.  
Malaya at bukas ang kalikasan ng Muslim  
Na nag-aakalang tapat ang mga tao na sa totoo'y nagkukunwari lang;  
At uto-uto  
Tulad ng tanga.  
Alam ko na—ito'y magbubunga—ang kasumpa-sumpang  
Pagsilang na ito ay dadalhin ng impyerno at gabi  
sa liwanag ng mundo.

(*Othello*, Act I, Scene ii)

## ***Mula sa THE TEMPEST***

---

Prospero:

... magsaya, ginoo:

Nagtatapos ngayon ang ating mga pagdiriwang: itong ating mga aktor,  
Maaga pa'y sinabi ko sa iyo, lahat sila'y likhang-diwa, at

Naglalaho sa hangin, sa manipis na hangin:

At tulad ng walang-batayang habi ng pangitaing ito,

Ang nagtatayugang tore, ang mararangyang palasyo,

Ang mga banal na templo, mismong ang dakilang mundo,

Oo, lahat ng minana nito, ay matutunaw,

At, tulad nitong kupas na gawa-gawang palabas,

Walang iiwan kahit pasaglit na ulap. Tayo nga'y mga bagay

Tulad ng nilalaman ng mga panaginip, at ang ating munting buhay

Ay nagwawakas sa pag-idlip.

(*The Tempest*, Act IV, Scene i)



-TILDE

*creative  
nonfiction*

